

Pagkamakatarungan sa Edukasyon 5-4

Lupon ng Paaralan ng Lungsod ng Virginia Beach

Patakarang 5-4

MGA ESTUDYANTE

Pagkamakatarungan sa Edukasyon

A. Layunin

Pinahahalagahan ng Lupon ng Paaralan ang pagkakaiba-iba sa ating komunidad at ng mga kawani. Naniniwala ang Lupon ng Paaralan na nararapat sa lahat ng mga estudyante, kawani, at miyembro ng komunidad, anuman ang kanilang background, ang isang metikuloso at may respetong kapaligiran sa pagkatuto at trabaho kung saan pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba at ginagamit ito upang makamit ang mga positibong akademiko at panlipunang resulta. Nakatuon ang Lupon ng Paaralan at Dibisyon ng Paaralan sa pagpapaunlad ng kapasidad para sa kultural na kakayahan at pagtuon sa pagkamakatarungan at inklusyon upang makatulong sa pagtugon sa mahahalagang prinsipyo at mga panghabambuhay na kakayahan sa pag-aaral. Pinapakahulugan ng Patakarang ito ang mga inaasahan para sa pagsasaalang-alang ng panlahi at panlipunang pagkamakatarungan, kabilang ang may kabuluhang pakikisama sa stakeholder sa pagpapalano, pagpapaunlad, at pagpapatupad ng mga patakarang, kasanayan, at inisyatiba, pati na rin ang pagsusuri ng Lupon ng Paaralan sa mga pagsisikap ng Dibisyon ng Paaralan upang matugunan ang mga isyu ng pagkamakatarungan sa edukasyon. Nagbibigay ito ng framework upang itaguyod ang pagkamakatarungan sa edukasyon alinsunod sa mga layunin at prioridad ng Lupon ng Paaralan at Dibisyon ng Paaralan.

B. Mga paniniwalang karaniwang tinatanggap

1. Kinikilala ng Lupon ng Paaralan ang masalimuot na salik panlipunan at pangkasaysayan na nagdulot ng pagiging hindi makatarungan sa edukasyon sa loob ng Dibisyon ng Paaralan.
2. Magiging intensyonal ang mga pagsisikap ng Lupon ng Paaralan na palitan ang mga salik na maaaring magdulot ng pagturing na hindi makatarungan, kabilang ang rasismo, diskriminasyon,

panliligalig, at panghuhusga, ng mga ugali at gawi na nagpapakita ng pagtanggap, pagiging kabilang, pagkahabag, integridad, pag-unawa, pagiging patas, kooperasyon, at respeto.

3. Naiintindihan ng Lupon ng Paaralan na ang konsepto ng pagkamakatarungan sa edukasyon ay hindi pareho sa pagkakapantay-pantay. Tumutukoy ang pagkamakatarungan (equity) sa pagtataguyod ng isang walang hadlang na kapaligiran kung saan ang lahat ng estudyante, anuman ang lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon/pagkakakilanlan ng kasarian, kalagayan sa pagbubuntis o panganganak, o mga kaugnay na medikal na kondisyon, edad, kalagayan sa kasal, kapansanan, o henetikong impormasyon, ay mayroong oportunidad na makinabang sa pagtataguyod ng mga mataas na pamantayan at pagbibigay ng access, suporta, epektibo at inklusibong kapaligiran sa pag-aaral, at mga mapagkukunang kailangan para sa de-kalidad na edukasyon. Maaaring hindi magresulta sa pagkamakatarungan sa edukasyon ang mahigpit na pagkakapantay-pantay ng oportunidad at mga mapagkukunan para sa mga estudyante. Samakatwid, maaaring kailangan ng pagsusuri at maingat na pagpapasya ukol sa mga makatarungang gawi at paglalaan ng mga mapagkukunan upang makamit ang mga layunin ng Lupon ng Paaralan at Dibisyon ng Paaralan para sa pagkamakatarungan sa edukasyon.
4. Ang lahi (race) ay tumutukoy sa isang categoryang ginawa ng lipunan para sa pagkilala ayon sa mga pisikal na katangian, ninuno, makasaysayang kaugnayan, o pinagsasaluhang kultura.
5. Ang panlahing pagkamakatarungan (racial equity) ay tumutukoy sa pagkawala ng mga hadlang sa institusyon at istruktura na nararanasan ng mga tao batay sa kanilang lahi o kulay, na humahadlang sa pag-access sa mga oportunidad, at resulta.
6. Ang panlipunang pagkamakatarungan (social equity) ay tumutukoy sa pagkawala ng mga hadlang sa institusyon at istruktura na nararanasan ng mga tao na humahadlang sa mga oportunidad at resulta batay sa ibang panlipunang salik tulad ng: edad; kasarian; sekswal na oryentasyon; pagkakakilanlan ng kasarian; bansang pinagmulan; etnisidad; kalagayan sa kasal; kalagayan sa pagbubuntis, panganganak, at mga kaugnay na kondisyon; kapansanan; panlipunan at pang-ekonomikong kalagayan; kapitbahayang tinitirhan; at iba pang mga kaugnay na salik.

7. Ang mga pagkukulang sa pagkamakatarungan (equity gap) ay tumutukoy sa pagkakaiba sa sukatan ng tagumpay, oportunidad, o pakikitungo na maaaring makatuwirang maiugnay sa panlahi o panlipunang gawi sa pagkamakatarungan.

C. Pagtatasa sa Pagkamakatarungan sa Edukasyon, Plano para sa Mga Priyoridad at Gawi sa Pagkamakatarungan, at Pagsusuri

Tatasahin ng Lupon ng Paaralan at Dibisyon ng Paaralan ng mga isyu sa pagkamakatarungan sa edukasyon ng Dibisyon ng Paaralan at gagawa ng isang Plano para sa Pagkamakatarungan (Equity Plan) upang tukuyin ang mga priyoridad, itama at tugunan ang mga hindi pagkamakatarungan, at suriin at subaybayan ang mga naturang pagsisikap.

1. Dinidirekta ng Lupon ng Paaralan ang Superintendente upang trasahin at tukuyin ang mga gawi at pamamaraan na hindi makatarungan sa loob ng Dibisyon ng Paaralan na dating nagdulot o kasalukuyang nagdulot ng mga hindi pagkamakatarungan sa oportunidad ng mga estudyante at kawani.
2. Awtorisado ang Superintendente na mag-empleo ng tauhan o kumuha ng panlabas na serbisyo upang tumulong sa pagtatasa, pagsusuri at kasalukuyang pagpapatupad ng mga gawi sa pagkamakatarungan sa edukasyon.
3. Iuulat ng Superintendente o ng (mga) itinakda niyang tao ang mga pagtatasa, pati na rin ang mga inirerekomendang pagbabago sa mga gawi, pamamaraan, patakaran, at/o mga regulasyon sa Lupon ng Paaralan. Ang nakasulat na ulat ay dapat ding maging available sa publiko at sa Konseho ng Pagkamakatarungan ng Dibisyon ng Paaralan.
4. Maaaring magsimulang magpasok ng mga pagbabago ang Superintendente at Lupon ng Paaralan batay sa mga pagtatasa at pagsusuri bago ang mga naturang ulat.
5. Tutukuyin ng Superintende at Lupon ng Paaralan ang mga layunin at priyoridad para sa mga programa at gawi sa pagkamakatarungan ng Dibisyon ng Paaralan at kung paano iuulat ng Superintende o mga itinakda niyang tao ang mga pagsisikap sa pagtatasa sa Lupon ng Paaralan. Pagkatapos nito, gagawa ang Superintendente o ang (mga) itinakda niyang tao ng isang Plano sa Pagkamakatarungan para sa Dibisyon ng Paaralan.

6. Dapat suriin ng Lupon ng Paaralan nang taon-taon o mas madalas pa ang datos mula sa Superintendente o (mga) itinakda niyang tao ukol sa mga layunin at priyoridad ng Plano sa Pagkamakatarungan ng Dibisyon ng Paaralan.
7. Ang mga ulat sa Plano sa Pagkamakatarungan at datos na ibibigay sa Lupon ng Paaralan ay magsasama ng, ngunit hindi malilimita sa, mga pagkukulang sa pagkamakatarungan sa: tagumpay ng estudyante; pagkakakilala at pag-enroll sa edukasyon para sa mga mataas ang intelektuwal na kakayahan (gifted education); pag-enroll sa mga akademya at mas mataas na antas ng mga kurso; porsiyento ng pagdisiplina sa mga estudyante; porsiyento ng mga nagtatapos; at pag-enroll sa alternatibong programa. Kasama rin dapat sa ulat ang ebidensiya ng pag-unlad sa bawat natukoy na pagkukulang sa pagkamakatarungan.
8. Ang Superintendente, sa pamamagitan ng Direktor ng Pagkakaiba-iba, Pagkamakatarungan, at Inklusyon, ay responsable sa pagpapatupad at ebalwasyon ng mga estratehiya ng Dibisyon ng Paaralan para sa pagpapatupad.
9. Dapat makatuwirang ilaan ang mga sapat na mapagkukunan, parehong pantao at pinansiyal, upang makamit ang mga layuning ito.

D. Mga pagtutuon ng Lupon ng Paaralan

Nakatuon ang Lupon ng Paaralan sa mga sumusunod:

1. Pagsuporta sa Superintende sa pagtutukoy ng mga proseso at gawi na nagdudulot ng mga hindi makatarungang resulta.
2. Pagrespeto sa at pagtataguyod ng pagkakaiba-iba at karanasan sa buhay ng lahat ng miyembro ng komunidad upang suportahan ang mahahalagang prinsipyo at mga estratehikong layunin ng Dibisyon ng Paaralan.
3. Paggamit ng mga proseso, gawi, at inisyatiba upang matiyak ang isang makatarungang komunidad sa paaralan na inklusibo sa pagkakaiba-iba, lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon/pagkakakilanlan ng kasarian, kalagayan sa pagbubuntis, panganganak, o mga kaugnay na medikal na kondisyon, edad, kalagayan sa kasal, kapansanan, o henetikong impormasyon.

4. Pagtukoy at pagkilala kung saan may pagkukulang sa access at oportunidad na maaaring nagpalala ng mga hindi pagkamakatarungan sa edukasyon.
5. Pagsuporta ng paggawa ng mga proseso, gawi, at inisyatiba na magtataguyod ng pagkamakatarungan ng oportunidad at pagkamakatarungan sa pag-access ng mga programa, serbisyo, at mapagkukunan.
6. Pag-aatas ng mga mandatoryong pagsasanay para sa lahat ng Miyembro ng Lupon ng Paaralan at mga kawani ukol sa: hindi namamalayang pagkiling (implicit bias) at kung paano ito nagdudulot ng mga hindi makatarungang gawi at mga resulta; pagtuturo at mga kasanayan sa edukasyon na tumutugon sa kultura; pagpapabuti sa mga gawi na tumutugon sa kultura upang mapagsilbihan ang mga magkakaibang estudyante at komunidad ng Dibisyon ng Paaralan.
7. Pagsuporta sa isang kurikulum na tumutugon sa kultura at mga pagtatasa para sa lahat ng estudyante.
8. Pagpapatatag ng pagkamakatarungan, pagkakaiba-iba, at inklusyon sa Dibisyon ng Paaralan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tinukoy na gawi, kung saan man umiiral ang mga ito, na nakakadagdag sa pagkakaiba sa mga gawi sa paghahanap ng kawani, pag-empleo, at pagpapanatili.
9. Pag-uutos na magsama ng mga gawi sa pagtuturo na tumutugon sa kultura para sa mga sistema ng ebalwasyon para sa administrador at guro.

E. Pagpaparating ng Patakaran sa Pagkamakatarungan

Idinidirekta ang Superintendente o (mga) itinakda niyang tao upang matiyak na ang Patakaran sa Pagkamakatarungan ay naipaparating sa mga estudyante, kawani, at komunidad ayon sa nakasaad sa ibaba.

1. Ang bawat paaralan ay dapat na magpaskil ng sumusunod na pampublikong pahayag:
 “Ang Mga Pampublikong Paaralan sa Virginia Beach City ay nakatuon sa pagtataguyod at pagpapanatili ng isang makatarungang komunidad na nagpapakita ng mahahalagang prinsipyo at misyon sa pagkamatarungan ng Dibisyon ng Paaralan upang mawakasan ang inaasahang resulta ng lahi, etnisidad, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon/pagkakakilanlan ng kasarian, kalagayan

sa pagkabuntis, panganganak, o mga kaugnay na medical na kondisyon, edad, kalagayan sa kasal, o kapansanan, at upang matiyak ang tagumpay ng bawat miyembro ng komunidad ng paaralan. Itinatangi ng Lupon ng Paaralan at ng Dibisyon ng Paaralan ang lahat ng uri ng ilegal na diskriminasyon at panliligalig na nakakasira sa mga prinsipyo at estratehikong layunin ng mga ito.” Ipapaskil ng Dibisyon ng Paaralan ang pahayag na ito sa website ng Dibisyon ng Paaralan at sa mga social media site.

2. Dapat gawing available ang patakarang ito sa mga pamilya at dapat itong isalin sa ibang wika upang matiyak na mauunawaan ito.
3. Dapat tiyakin ng Dibisyon ng Paaralan na batid ng publiko ang Patakarang ito at ang mga paraan kung paano maiuulat ng mga estudyante, pamilya, at kawani ang mga hindi makatarungang gawi at iba pang uri ng mga pinaparatang na diskriminasyon at panliligalig.

F. Kurikulum at Pagtuturo

Titiyakin ng Superintendente o (mga) itinakda niyang tao na ang kurikulum at mga materyal sa pagtuturo ay nagpapakita ng pagtutuo ng Lupon ng Paaralan sa pagkamakatarungan sa edukasyon.

1. Dapat ipakita ng mga kurikulum at materyal sa pagtuturo para sa lahat ng baitang ang pagkakaiba-iba at dapat itong magsama ng iba't ibang perspektibo at karanasan, lalo na ng mga pangkat na may kasaysayang kulang sa representasyon.
2. Dapat suriin ng Kagawaran ng Pagtuturo at Pag-aaral ang lahat ng materyal ng kurikulum upang alamin kung may pagkiling ang mga ito. Sa mga materyal na nagpapakita ng pagkiling, kikilalanin at uunawain ng mga gurong gumagamit ng materyal ang pagkiling at ipagbibigay-alam nila ang mahalagang kontekstong ito sa mga estudyante at magulang/legal na tangapangalaga bago ang pagtuturo.
3. Dapat gumawa, sumuporta, at magpatupad ang Dibisyon ng Paaralan ng kurikulum at pagtuturo, pati na rin ng mga edukasyonal na mapagkukunan, na nasuri at natukoy na hindi nagtataguyod ng pagkiling.
4. Dapat idisenyo ang mga aktibidad sa pagtuturo sa klase at mga extracurricular na programa upang magbigay ng mga

oportunidad para sa mga interaksyong nagbibigay-pansin sa iba't ibang kultura at lahi na nagtataguyod ng respeto para sa pagkakaiba-iba. Sinusuportahan ng Lupon ng Paaralan ang mga aktibidad sa pagitan ng iba't ibang paaralan na tumutulong sa mga estudyante na makaranas ng pagkakaiba-iba sa loob ng kanilang mga paaralan at sa Dibisyon ng Paaralan.

5. Upang tugunan ang mga pagkakaiba sa pakikilahok sa kurso (hal. pakikilahok sa mga akademya at AP/honors), mag-aalok ang mga middle school at high school ng mga oportunidad para sa karagdagang gawain sa kurso, tulad ng mga summer bridge program, kasanayan sa pag-aaral, o pag-tutor habang oras ng eskuwela o pagkatapos ng eskuwela, sa mga mag-aaral na interesadong sumulong sa mga mas mataas na antas ng kurso. Makukuha ng mga mag-aaral at pamilya ang impormasyong ito sa pamamagitan ng mga counselor, school bulletin, at webpage.

G. Pagpapatupad ng Patakarang

Idinidirekta ng Lupon ng Paaralan ang Superintendente o (mga) itinakda niyang tao upang ipatupad ang Patakarang ito at gumawa ng mga regulasyon at gawi upang ipatupad ang Patakarang ito. Susuriin taon-taon ng Lupon ng Paaralan ang pagpapatupad ng Dibisyon ng Paaralan sa Patakarang ito, at maglulunsad ng angkop na pagkilos upang matiyak ang pagsunod at pagpapatupad sa Patakarang ito.

Pinagtibay ng Lupon ng Paaralan: Setyembre 9, 2020